# Kabanata 12:
# ANG HUKLOB

HINDI NA NAGPATUMPIK-TUMPIK pa si Iska. Dala ang pana at palaso sa likod niya, lumabas siya ng bahay. May isang mahiwagang ibon ang lumapag sa harap niya. Hindi nagsasalita ang ibon subalit nakakausap ito ni Iska sa isip. Kailangan niya nang kunin ang kampana sa Hinulugang Taktak o kung saan man ito nakatago.

*Ako si Sinag. Sa isang mahabang sipol mo lang, darating ako*. Hindi ito nagsasalita pero alam ni Iska ang gusto nitong iparating. Naalala niya ang ibong nagdala sa kanila ni Apolaki sa himpapawid ng Hiraya. Ang kaibahan lang, si Sinag ay mas maliit. Maningning na dilaw ang kulay nito. Ito ang kulay ng langit bago sumikat ang araw sa bawat umaga.

"At na-promote ka na, *bestie*! Mayroon ka na ring alaga," paantok na sinabi ni Kiko. "Siguruhin mo lang na aalagaan mo ang isang iyan, kung hindi, mahirap na."

Yumuko si Sinag upang maabot siya ni Iska. Sumampa at umupo naman si Iska na tila nakasakay sa kabayo. Sa una, hindi mabalanse ni Iska ang sarili, ngunit hindi naglaon, naging kumportable na sila rito.

"Anong iisipin ng tao kapag nakita si Sinag?" tanong niya kay Kiko.

"Huwag kang mag-alala, walang ibang nakakakita sa akin, sa iyo, at kay Sinag na ordinaryong tao o mga mortal," kampanteng sagot ni Kiko.

Tumango si Iska at naghudyat na ng pag-alis sa kasama.

Sa isa pang sipol ni Iska, lumipad na sa himpapawid si Sinag.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 109 11/20/2024 8:07:05 AM

Hindi maiwasang hindi malula ni Iska sa taas ng nilipad nila. Nararamdaman din niya ang lamig na dulot ng hangin. Bukod rito, namamasdan ni Iska ang mga nagkikislapang ilaw mula sa iba't ibang gusali sa Maynila. Napatingala rin si Iska sa mga bituin sa langit.

*Iba ba ang langit sa Antipolo? Bakit mas maraming bituin rito?*

Namangha siya sa lahat ng kaniyang nakikita, naririnig, at nararamdan. Sa ibaba, nakikita niya ang iba't ibang bubong ng bahay na magkakadikit. Malalamang subdivision ang isang bahagi ng lupa sa baba, kapag magkakahiwalay ang bahay. Hindi nauubusan ng mga sasakyan sa kalsada.

Subalit habang nasa himpapawid si Iska, napansin niyang sa paglipas ng maraming taon, tanging dati nang mayaman ang yumayaman sa bayan nila. Marami pa rin ang barong-barong at maliliit na bahay sa Antipolo. Sa kabila ng sandamakmak na gusali, at *mall* sa siyudad ng Antipolo, mas dumarami ang mga nangangailangan ng tulong.

Mula sa taas, napansin ni Iska na mas marami pa ang pampribadong sasakyan kumpara sa mga jeep na dumaraan. Ang mga pampribadong sasakyan na ito ang siyang nagpapasikip ng daloy ng trapiko sa *highway*.

Mabuti na lang at nakasakay si Iska kay Sinag. Hindi siya maiipit sa trapiko sa baba.

Ngayon, naging sigurado na si Iska sa misyon niya: ang mahanap ang kampana.

Hindi pa nakalalayo si Iska, bigla niyang napansin ang isang malaking sunog sa gawing hilaga niya. Alam niyang kailangan niyang pumunta roon.

"Ang Taktak!" sigaw ni Kiko. "Napaliligiran na!"

Agad niyang kinausap sa isip si Sinag at pinalipad ito nang mabilis patungong Taktak.

Sa isang iglap, naramdaman ni Iska ang pagpagaspas ng mga pakpak ni Sinag. Ramdam niya ang bilis ng tibok ng puso niya. Lumalakas din ang hampas ng hangin sa balat niya.

Tuwing nakakakita siya ng sunog, naaalala niya ang sunog sa kanto nila. Napakaganda ng puwesto nito dahil malapit sa kalsada at maraming dumaraan na sasakyan at tao. Nasunog ang mga bahay malapit sa puwesto na ito. Kinabukasan, may paskil na sa bakanteng lote ng mga salitang "Private Property" sa tapat. Binakuran din ito ng mga lumang yero. Hindi nagtagal, nagkaroon din ng isang maliit na gasolinahan.

Sinundan ni Iska ang usok na pinanggalingan ng sunog. Agad naman silang nakarating doon.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 110 11/20/2024 8:07:05 AM

Nang makababa si Iska kay Sinag, agad lumipad paalis ang malaking ibon. Samantala, nanatili naman si Kiko sa balikat niya.

Malawak at mahaba ang nasasakupan ng Hinulugang Taktak. Sementado ang bakuran nito at mapapansin ang mga bakal na kulay asul. May aandap-andap na mga ilaw mula sa lumang poste. *Solar energy* ang gamit sa mga posteng ito. Kaya lang, hindi sumasayad ang liwanag nito sa kalsada. Hindi ito sapat upang maliwanagan ang kahabaan ng Taktak. May mangilan-ngilan ding jeep at sasakyan ang dumaraan dito.

Ang pinakagustong bagay ni Iska sa Taktak ay ang amoy nito. Napaliligiran ang Taktak ng iba't ibang puno na nagbibigay ng sariwa at preskong hangin. Kahit gabi, napakasarap huminga nang malalim sa kalsada sa tapat ng Taktak.

Malinis ang bawat troso ng puno. Hindi pa ito nadudumihan, hindi tulad ng mga puno sa kalsada ng Maynila na halos kulay itim na. Ang mga puno rito ay may malilinis na troso. Malalaman mo raw na sariwa ang hangin sa isang lugar kapag maputi-puti at malinis ang mga puno rito.

May apoy paikot sa sementadong bakod ng Hinulugang Taktak. Subalit, hindi ito batid ng guwardiyang natutulog sa tabi ng gate. Si Iska lang ang nakakakita ng mataas na apoy na pumapaligid sa napakataas at napakahabang asul na bakod ng Taktak. "Pugad ito ng iba't ibang nilalang, *bestie*."

Kabisado ni Iska ang Hinulugang Taktak dahil na rin naging pasyalan nila ito noon nina Lola Da at Mommy Jo. Tuwing *fiesta* sa kanila, hindi mawawala ang pagkanta ng awiting "Tayo na sa Antipolo." Masaya at masigla ang tono at ritmo ng kantang iyon. Gaganahan ka talagang pumunta sa Antipolo.

Kinakabahan si Iska kaya wala siyang ginawa kundi mag-isip ng magagandang alaala para ma-distract. Ang sabi ng Lola ni Iska, tinawag raw itong Taktak dahil noong araw daw, may isang malaking kampana o taktak ang hinulog rito. Simula noon, tinawag na itong Hinulugang Taktak o lugar na siyang pinaghulugan ng kampana. Noong 1960 raw naging marumi ang lugar na ito dahil na rin sa pagdagsa ng iba't ibang tao. Kaya naman, katulong ang pamahalaan at iba pang pribadong institusyon, muling nilinis at pinaganda ng lokal na pamahalaan ng Antipolo ang Hinulugang Taktak. Naging *National Park* ito kaya naman nadagdagan pa ang ibang puwedeng gawin dito, gaya ng paglangoy sa *swimming pool*, pagdaan sa isang napakataas na hagdang gawa sa kahoy, at isang lubid na tila sapot ng gagamba.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 111 11/20/2024 8:07:05 AM

Sa madaling salita, talagang masaya ang alaala ni Iska sa Hinulugang Taktak—kabaligtaran ng kaharap niya ngayon. Napaliligiran ng kadiliman ang paligid. Tanging sa mga ilaw mula sa mga poste na lamang nanggagaling ang liwanag at sa mataas na apoy na nakapaligid. Hindi ito ang Taktak na natatandaan niya. Hindi ito ang masayang Taktak na nakilala niya. Nag-iiba ang itsura nito sa gabi.

Sa kabila ng lahat ng apoy at init na nasaksihan ni Iska, hindi niya nararamdaman ang init. Kagaya ng hindi niya pagkaramdam ng init tuwing kausap niya si Apolaki.

Muling tiningnan ni Iska ang guwardiya. Natatakpan ng maliit na puting tuwalya ang mukha nito. Tulog na tulog pa rin. Nakalaylay na ang kanang kamay. Talagang kaunti na lang, babagsak na ito sa pagkakaupo. Sinamantala ito ni Iska at dahan-dahang umakyat sa bakod. Mabuti na lang rin at walang masyadong dumadaang sasakyan. Mabisa ang pagsasanay niya.

Kinakabahan siya, pero kailangan niyang magpatuloy.

Pagtalon niya mula sa bakod, nakaramdam siya muli ng sakit sa mga binti. Sa hindi inaasahang pagkakataon, nalaglag si Kiko sa balikat niya.

"*Bestie*, careful naman." Napakamot ito sa ulo pero natawa si Iska. Bigla niyang naisip na nakuha niya pang matawa sa kabila ng walang kasiguruhang lakad niya.

Malapit na niyang marating ang tapat ng Taktak nang may mga sigbin na sumalubong sa kaniya. Tatlo ito. Pawang nagsasabi na huwag na siyang tumuloy. Hindi kagaya ng sigbin sa Hiraya, mas malalaki ang mga sigbin na ito. Napaliligiran din ng apoy ang buo nilang katawan. Itim na uri ng apoy nga lang. Kagaya sa Hiraya, hindi nararamdaman ni Iska ang init mula sa mga sigbin. Hinawakan niya ang pana na nakasukbit sa likod. Nilagyan niya ito ng matalas ng palaso. Inaasinta pa lang niya ang mga sigbin nang bigla siyang tinalunan ng isa sa mga ito.

Dinambahan siya ng sigbin. Nawalan siya ng balanse. Nawala sa pagkakahawak niya ang pana at ang laman nito. Nalaglag si Kiko kung saan. At unti-unti siyang inaapak-apakan ng sigbin. Nakikita niya ang malaking bibig ng sigbin. Naging mabilis ang kilos ni Iska. Agad siyang bumangon at pinulot ang pana at palaso. Bumangon siya palayo sa sigbin. Muli, agad niyang inasinta ito, at sakto, natamaan niya ang nakabukas na bunganga nito.

Napaalulong ang sigbin sa sakit. Senyales ang alulong na ito ng pagtakas para sa dalawang kasamang sigbin. Natamaan ni Iska ang sigbin!



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 112 11/20/2024 8:07:05 AM

Magdiriwang na sana siya sa munting panalo ngunit may narinig siyang sumisigaw.

Hinanap ni Iska ang pinanggagalingan ng tinig. Nakita niya ang isa pang sigbin na nakadamba sa lalaking. Tiningnan niya itong maigi.

"Kenneth!" Tinawag ito ni Iska.

Nagpupumiglas si Kenneth sa pagkakadagan sa kaniya ng sigbin.

Inilabas muli ni Iska ang palaso at inasinta ito sa sigbin. Mas maliit ito kaysa sa dumamba sa kaniya kaya naman mas nahirapan siyang tantsahin ito.

Nang masiguro na niya ang tatamaan sa katawan ng sigbin, pinakawalan na ni Iska ang palaso. Mabilis itong kumawala sa pana at natamaan nito ang batok ng sigbin.

Naglupasay ang sigbin subalit hindi ito namatay agad. Ngunit, nagkaroon ng pagkakataon si Kenneth upang kunin ang palaso niya at tamaan ang bunganga ng sigbin. Napuruhan ang sigbin sa ikalawang palaso mula sa binata. Naglupasay ang sigbin sa panginginig at naging abo kinalaunan.

"Hindi ka ba magpapasalamat sa akin?" pang-aasar nito.

"Boo," sabi ni Kiko. "Ikaw na nga tinulungan, sungit mo pa," dagdag nito.

"Bakit ako magpapasalamat, ako nga itong pumatay sa sigbin," sagot nito sabay talikod kay Iska. Pinagpag ng binata ang suot na shorts at ang suot na pantaas. Inayos naman nito ang buhok.

Akala ni Iska, okay na sila ni Kenneth. Hindi pa rin pala. Hindi pa rin ito ngumingiti kay Iska. Mas malamig pa si Kenneth sa lahat ng yelo sa mundo.

Lumakas ang ihip ng hangin. Ito rin ang hanging naramdaman niya noong kaarawan niya. Ito rin ang hanging naramdaman niya nang tumingin siya sa bukal. Ito rin ang hanging gumising sa kaniya nang bumagsak siya sa unang pagsasanay. *May sapat na oras pa.* Ito ang narinig niya mula sa hangin.

Mas naging malakas ang loob ni Iska nang makatama siya ng isang sigbin. Siguro kakayanin niya ring ipagtanggol ang buwan gamit ang kampana at kakayahan niya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 113 11/20/2024 8:07:06 AM